

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 4

Mga Hakbang sa Paghahanda sa
Pagpili ng Kurso/Track Sa
Senior High School



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Modelkaapat na Markahan – Modyul 4: Mga Hakbang sa Paghahanda sa
Pagpili ng Kurso/Track Sa Senior High School
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Rocel S. Baroy
Editor:	Vicente Jose V. Suarez, II, Evelin E. Luzarita
Tagasuri:	Jephone P. Yorong, Ed.D.
Tagaguhit:	Edgardo P. Jamilar, Jr.
Tagalapat:	Peter A. Alavanza, Bernie R. Pamplona
Tagapamahala:	Dr. Isabelita M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Felix Romy A. Triambulo Ella Grace M. Tagupa Jephone P. Yorong

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

9

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 4

**Mga Hakbang sa Paghahanda sa
Pagpili ng Kurso/Track Sa
Senior High School**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa nakaraang modyul ay natutunan mo ang kahalagahan sa pagiging tugma ng mga personal na salik sa mga pangangailangan (requirements) sa iyong napiling kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining at isports o negosyo. Sa modyul namang ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

13.4 Natutukoy ang kanyang mga paghahandang gagawin upang makamit ang piniling kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining at palakasan o negosyo (hal., pagkuha ng impormasyon at pag-unawa sa mga tracks sa Senior High School). (EsP9PK-IVb-13.4)



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

1. Alin sa mga sumusunod ang pinakamainam na maging batayan sa pagpili ng kurso o track?
 - A. Kailangang sundin ang gusto ng magulang
 - B. Kailangang angkop ito sa kakayahan at interes
 - C. Kailangan yong madali kang yumaman
 - D. Kailangang magkapareha sa kung sino ang ating mga kaibigan
2. Anong kaugalian ang dapat pairalin sa pagpili ng track o kurso?
 - A. Dapat maging positibo kung anuman ang kahinatnan ng iyong piniling kurso
 - B. Sumunod kung anuman ang gusto ng magulang
 - C. Dapat marunong makibagay sa iyong mga kaibigan
 - D. Dapat mapagmasid kung ano ang uso o in-demend na kurso
3. Ano ang matatanggap na sertipiko o katibayan ng SHS track na Teknikal-Bokasyunal na maaaring gamiting kuwalipikasyon sa paghahanap ng trabaho?
 - A. High School Diploma
 - B. Certificate of Emersion
 - c. Certificate of Awards
 - d. National Certificate

Para sa blg. 4:

Si Danilo ay Grade-11 na sa darating na pasukan. Bata pa lamang siya ay pangarap na niyang maging isang nars upang makapglingkod sa bayan.

4. Alin sa sumusunod na Senior High School Strand ang angkop para sa kanya?
 - A. Accountancy, Business and Management
 - B. General Academic Strand
 - C. Science Technology Engineering and Mathematics
 - D. Humanities and Social Sciences

5. Mahilig si Nelba sa pagluluto ng iba't ibang kakanin. Katatapos lamang niya ng Junior High School. Ano ang kanyang gagawin upang lalong mapahusay ang kanyang kasanayan?
 - A. Kailangan niya ng masusing pagsasanay sa pamamagitan ng pagkuha ng Technical-Vocational and Livelihood.
 - B. Kailangan niyang magnegosyo gamit ang kanyang kahiligan sa pagluto at hihinto na sa pag-aaral
 - C. Kailangan niyang pumasok bilang tagapagluto at huminto na sa pag-aaral.
 - D. Magtayo ng sariling karenderya sa kanilang barangay at huminto sa pag-aaral

6. Katatapos lamang ni Josefa ng Junior High School at kasalukuyan siyang nagtatrabaho sa resort ng kanyang tiyuhin. Gusto niyang mag-enrol ng Senior High School ngunit halos wala na siyang oras para mag-aral. Ano ang dapat niyang gawin para maipagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa Senior High School?
 - A. Huminto sa pag-aaral at mag-ipon ng pera para sa kinabukasan
 - B. Kakausapin ang may-ari ng resort tungkol sa kanyang problema.
 - C. Dapat magkaroon ng eskedyul sa bawat gagawin para may panahon sa pag-aaral.
 - D. Hahayaan na lamang ang may-ari ng resort na magdesisyon upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral.

7. Malawak ang lupain nina Rodora. Nakasanayan niya ang magtanim ng sari-saring gulay at mag-alaga ng mga hayop, ngunit wala siyang sapat na kaalaman tungkol dito. Ano ang maaari niyang gawin para madagdagan kanyang ang kaalaman ukol sa pagtanim?
 - A. Ipagpatuloy lamang ang kanyang pagtanim at paghahayupan
 - B. Mag-enrol ng Organic Agriculture upang malaman ang wastong pamamaraan sa pagtanim at paghahayupan.
 - C. Komunsulta sa mga kaibigang may karanasan sa pagtanim at paghahayupan.
 - D. Pumunta sa Department of Agriculture upang makahingi ng iba't ibang uri ng mga binhi.

8. Batay sa sitwasyon bilang 7, ano ang naging hadlang ni Rodora upang makamit ang kanyang pangarap?
- A. Kakulangan ng tauhan sa paggawa
 - B. Kakulangan ng suporta mula sa pamilya
 - C. Kakulangan sa puhunan ng pagtatanim
 - D. Kakulangan ng kasanayan na Pang-Agrikultura
9. Ang mga panloob na mga pansariling salik ay makakatulong sa pag-unawa ng kahalagahan ng pagpapalano ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal o negosyo bilang tugon sa hamon ng paggawa. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga panloob na pansariling salik sa pagpili ng kurso o track?
- A. Talento
 - B. Hilig
 - C. Katayuang Pinansyal
 - D. Kakayahan
10. Kinahiligan ni Joe ang paggamit ng mga makina at iba pang mga kagamitang pang-konstruksiyon. Anong kakayahan ang kanyang ipinapakita?
- A. pakikiharap sa Tao
 - B. mga datos
 - C. mga bagay-bagay
 - D. mga ideya at solusyon

Aralin**4****Mga Hakbang sa Paghahanda sa Pagpili ng Kurso/Track Sa Senior High School**

Alam mo na ba ang track o kurso na gusto mong kukunin sa Senior High School? Anong interes o katangian na pumukaw sa iyo batay sa mga nagdaang leksiyon? Sa bahaging ito maaari mong pagninilay-nilayan kung ano ang nararapat para sa iyo sa darating na Senior High School. Tara na sabay nating lakbayin at tukuyin ang mga hakbang tungo sa iyong paghahanda sa pagpili ng kurso o track sa iyong Senior High School.

***Balikan***

Muling alalahanin ang iyong mga napag-aralan at naging pagsusuri sa mga nakaraang modyul at buong-husay na sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa iyong kwaderno.

1.) Alin sa mga salik ang sa tingin mo ay makaaapekto sa iyong pagpapasiya? Ipaliwanag.

2.) May pagbabago ba sa iyong pasiya matapos malaman ang mga personal na salik na nakaapekto sa iyo? Ipaliwanag.

3.) Nagkakatugma ba ang iyong mga personal na salik sa mga pangangailangan (requirements) sa napiling kurso? Pangatwiran.



Tuklasin

Hinati ng Sikolohistang si John Holland sa anim ang mga Jobs/ Careers/ Work environments, ito ay ang mga sumusunod: Realistic, Investigative, Artistic, Social, Enterprising at Conventional. Hindi lamang nasa iisang kategorya ang hilig o interes ng isang tao, maaari siyang magtaglay ng tatlong kombinasyon. Halimbawa, maaring tatlo ang kombinasyon ng kanyang trabaho gaya ng ESA (Enterprising, Social at Artistic) o di kaya naman ISC (Investigative, Social at Conventional) o anumang dalawa o tatlo sa iba't ibang kombinasyon.

Kung ang linya ng ating interes ay nakapaloob sa ESA (Enterprising, social at Artistic), ikaw ay malalagay sa linya na ang mga trabaho ay may kaugnayan din sa ESA.

Tingnan muli ang mga letra na nakalista sa itaas na may anim na grupo at ang mga paglalarawan nito sa ibaba. Isipin mo kung paano mo magugustuhan o hindi ang mga gawain/trabaho sa bawat sitwasyong tinalakay at paano ang mga ito ay nagkaroon ng kaugnayan sa iyong personalidad, katangian at interes.

Sa mas malawak na pagtingin, ang mga kategoryang ito ay maaaring makabuo ng mas marami pang mga job personalities, ang ilan sa mga ito ay maaaring maging taliwas sa katangian ng isang tao at ang kanyang piniling trabaho. Halimbawa, ang isang tao ay nasa kategoryang “realistic” (R) ngunit maari rin maging “artistic” (A) at ang “enterprising” (E) ay makakita ng trabahong ang gawain ay masiglang naglilingkod sa publiko sa ilalim ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan o DENR. Gamitin mo ang mga ideyang ito patungo sa magandang hakbangin sa mas malawak mo pang pag-unawa sa iyong sarili.

Mga Interes	Deskripsiyon	Halimbawa ng mga Trabaho
Realistic	-ang taong nasa ganitong interes ay mas nasisiyahan sa pagbuo ng mga bagay gamit ang kanilang malikhaing kamay o gamit ang mga kasangkapan kaysa makihalubilo sa mga tao at makipagpalitan ng opinyon. Ang mga taong realistic ay	forester, industrial arts teacher, radio operator, auto engineer, mechanical engineer, mining engineer, vocational agriculture teacher, civil engineer, industrial engineering technician, aircraft mechanic, mechanical engineer technician, fish and game warden, surveyor, dental technician, architectural draftsman, electrician, jeweler, powerhouse repairman, tool and die maker, machinist, mechanic, stone cutter, locksmith, nuclear reactor

	matapang at praktikal, at mahilig sa mga gawaing outdoor.	technician, tree surgeon, piano tuner, typesetter, air conditioning engineer, ship pilot, instrument mechanic, motion picture projectionist, carpenter, tailor, machine repairer.
Investigative	- ang mga trabahong may mataas na impluwensiya dito ay nakatuon sa mga gawaing pang- agham. Ang mga taong nasa ganitong interes ay mas gustong magtrabaho nang mag- isa kaysa gumawa kasama ang iba. Sila ay mayaman sa ideya at malikhain sa mga kakayahang pang- agham, isa na rito ang mga pananaliksik. Mapanuri, malalim, matatalino at task- oriented ang mga katangian nila.	Economist, internist, physician, anthropologist, astronomer, pathologist, physicist, chemist, production planner, medical lab assistant, tv repairer, biologist, osteopath, chiropractor, math teacher, natural science teacher, optometrist, psychiatrist, psychologist, medical technologist, bacteriologist, physiologist, research analyst, computer analyst, programmer, pharmacist, actuary, quality control technician, computer operator, geologist, mathematician/statistician, surgeon, meteorologist, agronomist, animal scientist, botanist, zoologist, horticulturist, natural scientist, oceanographer, biochemist, veterinarian, geographer, x-ray technician, administrator, dentist, tool designer, chemical lab technician, engineers such as aircraft, chemical, electrical, metallurgical, radio/tv technician, engineering aide, weather observer.
Artistic	- ang mga taong may mataas na interes dito ay mailalarawan bilang malaya at malikhain, mataas ang imahinasyon at may malawak na isipan. Nasisiyahan ang mga nasa ganitong interes sa mga sitwasyon kung saan nakararamdam sila ng kalayaan na maging totoo, nang walang anumang estrukturang sinusunod at hindi basta napipilit na sumunod sa maraming mga panuntunan. Nais nila ang mga gawaing may kaugnayan sa	Drama coach, language teacher, journalist-reporter, drama-teacher, dancing –teacher, foreign language interpreter, philosopher, art teacher, literature teacher, music teacher, musician, orchestra conductor, advertising manager, entertainer, public relations person, fashion model, writer, editor, radio program writer, dramatist, actor/actress, designer, interior decorator, critic, fashion illustrator, furniture designer, jewelry designer, furrier, garment designer, decorator, architect, artist, photographer , photograph retoucher, photolithographer (printer), music arranger, composer.

	wika, sining, musika, pag-arte, pagsulat at iba pa.	
Social	- ang mga nasa ganitong grupo ay kakikitaan ng pagiging palakaibigan, popular at responsable. Gusto nila ang interaksyon at pinaliligiran ng mga tao. Madalas na mas interesado sila sa mga talakayan ng mga problema o sitwasyon ng iba at mga katulad na gawain, kung saan mabibigyan sila ng pagkakataong magturo, magsalita, manggamot, tumulong at mag-asikaso	- education, teaching, social welfare, human development, counseling, health professions (medicine, nursing, etc.), social service, compensation advising etc., dorm director, interviewer, employment representative, funeral director, chamber of commerce executive, employee benefits approver, food service manager, claim adjuster, production expediter, health and welfare coordinator, educational administrator, training director, historian, environmental health engineer, home service rep., community recreation administrator, business agent, extension agent, physical education teacher, building superintendent, therapist, political scientist, sociologist, social and group worker, personnel director, food and drug inspector, teacher, minister, librarian, foreign service officer, history teacher
Enterprising	- likas sa mga taong nasa ganitong grupo ang pagiging mapanghikayat, mahusay mangumbinsi ng iba para sa pagkamit ng inaasahan o target goals. Ang mga taong may mataas na interes dito ay madalas na masigla, nangunguna at may pagkusa at kung minsan ay madaling mawalan ng pagtitimpi at pasensya	- sales and marketing field, banker, insurance underwriter, real state appraiser, florist, industrial engineer, contractor, warehouse manager, salesperson-technical products, lawyer, judge, attorney, tv/radio announcer, branch manager, director industrial relations, government official, insurance manager, managers such as restaurant/office/ traffic/human resource/production, etc., salary and wage administrator, labor arbitrator, systems analyst, director of compensation and benefits, securities salesperson, human resource recruiter.
Conventional	- ang mga grupo o pangkat ng mga taong may mataas na interes dito ay naghahanap ng mga panuntunan at direksyon; kumikilos sila nang ayon sa tiyak na inaasahan sa kanila. Sila ay	- clerical, administrative, time study analyst, business (commercial) teacher, finance expert, accountant, credit manager, timekeeper, auto writing machine operator, bookkeeping machine operator, estimator, foreign trade clerk, office worker, payroll clerk, accounting machine operator, personnel clerk, sales

	maaaring mailarawan bilang matiyaga, mapanagutan at mahinahon. Masaya sila sa mga gawaing tiyak, may sistemang sinusunod, maayos ang mga datos at organisado ang record.	correspondent, reservations agent, bookkeeper, cashier, secretary, medical secretary, library assistant, data processing worker, mail clerk, personnel secretary, proofreader at iba pa.
--	--	--




Suriin

Panuto: Sa tulong ng mga nakaraang modyul ay iyong natuklasan ang kursong naaayon sa iyong mga pangsariling salik at mga pangangailangan nito. Ngayon ay handa ka ng bumuo ng mga hakbang sa paghahanda sa napiling kurso. Sundin ang mga panuto sa ibabaat gawin ito sa inyong kwaderno.

1. Sa bahaging ito ay tingnan natin ng mas malawak na pang-unawa sa mga paghahadang gagawin upang makamit ang iyong piniling kurso.
2. Sa unang kolum, isulat ang iyong napiling kurso.
3. Sa ikalawang kolum ay isulat naman ang mga hakbang ng iyong paghahanda sa pagtupad ng iyong napiling kurso.

Kurso	Mga Hakbang sa Paghahanda



Pagyamanin

Pagkatapos mong makapag-isip at makapagtala ng mga hakbang ng paghahanda sa iyong napiling kurso. Ngayon ay ating suriin ay iyong mga naging kasagutan sa talahanayan sa itaas. Gawin ang sumusunod sa iyong kwaderno.

1. Ano-anong mga hakbang ang iyong ginagawa upang matupad ang iyong napiling kurso?

2. Ano-ano ang iyong mga naging batayan sa mga hakbang ng paghahanda na iyong inilista?

3. Sino-sino ang posibleng tao na maari mong malapitan na higit na makatutulong sa pagtupad ng iyong kurso?

4. Paano mo maisasakatuparan ang mga hakbang na ito sa itinakda mong panahon?

5. Kung magkaroon ng mga hindi inaasahang pangyayari na humadlang upang maisakatuparan ito sa itinakdang panahon, anong alternatibo o paraan ang maaari mong gawin?



Isaisip

Ang anim na pansariling salik sa pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal ay ilan lamang na gabay tungo sa iyong maayos na pagpili patungo sa maunlad na hanapbuhay na nag-aantay sa iyo sa pagtatapos mo sa Senior High. Kaya, ngayon pa lamang mula sa iyong kakayahang mag-isip (intellect) at kalayaan ng kilos-loob (freewill) ay gamitin ito tungo sa tama at wastong pagpili o pagpapasya. Kung magagawa mo ngayon na pumili ng tamang kurso para sa Baitang 11, makakamit mo ang tunay na layunin nito:

Una, ang pagkakaroon ng makabuluhang hanapbuhay. Dito, hindi lamang makatutulong na maiangat ang antas ng iyong buhay dahil sa magandang kita/sweldong kalakip nito kundi ang halaga ng pagkamit ng iyong kaganapan mula sa kasiyahang nakukuha at pagpapahalaga sa iyong paggawa. Mas lalo mong naibibigay ang iyong kahusayan dahil ang talento, kasanayan at interes ang iyong puhunan.

Pangalawa, tataglayin mo ang katangian ng isang produktibong manggagawa. Ang produktibong manggagawa ay masasabing isang “asset” ng kanyang kompanya o institusyong na kinabibilangan. Katulong siya sa pagpapaunlad ng mga programa at adhikain ng kaniyang pinagtatrabahuhan tungo sa sama-samang paggawa.

Pangatlo, kung masisiguro ang pagiging produktibo sa iyong mga gawain, ikaw rin ay nakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. Naipamamalas ito sa pamamagitan ng tamang pamamahala ng oras sa pagtapos ng gawain, pagpapasa ng mga proyekto sa takdang-araw, paggamit ng teknolohiya para sa mabilis na produksiyon at maayos na pakikitungo sa iba at naaabot mo ang iyong itinakdang layunin. Kung ang isang mag-aaral na katulad mo ay may paghahanda sa hinaharap, hindi malayo na taglayin mo ang mga kahanga-hangang gawi na ito at maging bahagi ka ng lumalaking bilang ng mga magagaling na manggagawa ng ating bansa.



Isagawa

Sa pagkakataong ito, subukan mong sukatin ang iyong napiling kurso pagdating sa kasalukuyang katayuang pinansyal na kakayahang magulang na pagpapaaral sa iyo.

1. Angkop ba ang kursong kukunin mo sa estado o kakayahang pinansyal ng mga magulang mo?

2. Kakayanin ko kaya ang mga pangangailangan o *requirements* kung kumuha ako ng kursong akademiko?

3. Kung kursong teknikal-bokasyonal naman ang iyong magiging priyoridad sa pagtuntong ko ng Baitang 11, anong mga benepisyo ang iyong makukuha mula dito na pumapabor at sumasagot sa iyong sitwasyon sa buhay pagdating sa katayuang pinansyal ng iyong mga magulang?

4. Kung ang nais mo namang kuhanin ay mula sa sa kursong sining-isports, alin sa mga talento, hilig at interes mo ang maaari mong maituring na gabay sa pagpili mo ng kursong ito sa Baitang 11?

5. Tiyak ka na ba sa iyong pasya tungkol sa kursong iyong kukunin? Ano-ano pa ang iyong mga alalahanin na may kaugnayan sa katayuang pinansyal ng iyong pamilya?

6. Kung hindi magiging tugma ay iyong napiling kurso sa inyong katayuang pinansyal, ano-ano ang maaari mong maging paraan o hakbang na isasakatuparan upang malutas ang mga magiging sularin dulot ng pagiging hindi tugma nito?



Tayahin

Halina't ating sukatin ang iyong natutunang kaalaman sa aralin. Buong-husay mong sagutin ang mga sumusunod na aytem para sa pagtataya.

Panuto: Basahin ang bawat aytem at piliin ang angkop na sagot sa mga tanong/pahayag. Isulat lamang ang titik sa sagutang papel sa napili mong sagot.

- 1.) Sa teoryang Multiple Intelligences ni Dr. Howard Gardner (1983), ang lahat ng tao ay may angking likas na kakayahan, iba't iba ang talino o talento. Bilang nasa Baitang 9, ano ang mahalagang gampanin na dapat mong gawin sa mga talino o talentong ipinagkaloob sa iyo na may kaugnayan sa pagpili mo ng nais na kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School?
 - A. Pahalagahan at paunlarin
 - B. Pagtuunan ng pansin at palaguin
 - C. Paunlarin para sa sarili at ibahagi para sa kabutihang panlahat
 - D. Tuklasin at gamitin sa pagpapayaman mula sa tinapos na kurso

- 2.) Ano ang dapat na maging aksyon mo sa panahong ikaw ay naguguluhan pa sa mga pagpipiliang kurso para sa nalalapit na Senior High School?
 - A. Makinig sa mga gusto ng kaibigan
 - B. Huminto muna at sa susunod na taon na lamang mag-aral
 - C. Magbasa at maglaan ng panahon na makapag-isip at magplano
 - D. Humingi ng tulong sa malapit sa iyo at umasa sa kanilang desisyon

- 3.) Anong kaugalian ang dapat pairalin sa pagpili ng kurso o track?
 - A. Sumunod kung ano man ang gusto ng magulang
 - B. Dapat marunong makibagay sa iyong mga kaibigan
 - C. Dapat mapagmasid, kung ano ang uso ang siyang kukuning kurso
 - D. Dapat maging positibo kung anuman ang kahinatnan ng iyong piniling kurso.

- 4.) Ayon Sikolohistang si John Holland, sa aling interes napapabilang ang mga taong matapang, praktikal at mahilig sa gawaing outdoor?
 - A. Realistic
 - B. Investigative
 - C. Artistic
 - D. Social

- 5.) Alin sa panloob na mga pansariling salik ang makatutulong sa pag-unawa ng kahalagahan sa pagplano ng kursong akademiko o teknikal-bokasyunal o negosyo bilang tugon sa hamon ng paggawa?
- A. Katayuang pinansyal C. hilig
B. Talento D.kakayahan
- 6.) Anong trabaho kaya ang mapapasukan ng mga taong artistic?
- A. Production planner C. Programmer
B. Drama teacher D. Veterenarian
- 7.) Sa aling interes napapabilang ng mga trabahong may mataas na impluwensiya sa mga gawaing pang-agham?
- A.Artistic B. Social C. conventional D. Investigative
- 8.) Sa mga taong matiyaga, mapanagutan at mahinahon, sa aling trabaho kaya sila nababagay?
- A. Credit Manager/timekeeper
B. sales and marketing field/real state appraiser
C. training director/business agent
D. journalist reporter
- 9.) Kinahiligan ni Jun ang paggamit ng mga makina at iba pang mga kagamitang pang-konstruksiyon. Ito ay kakayahan sa_____.
- A. pakikiharap sa Tao
B. mga datos
C. mga bagay-bagay
D. mga ideya at sulosyon
- 10). Kung ikaw ay mahusay mangungumbinsi ng iba para sa pagkamit ng inaasahan o target goals sa aling interes ka napapabilang ayon sa Sikolohistang si John Holland?
- A.Enterprising B. Conventional C. Social D. Artistic



Karagdagan Gawain

Bilang paglalahat sa ating napag-aralan mula Modyul 1 hanggang saModyul 4. Subukan natin ang iyong pagkaunawa sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong sa ibaba at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Bilang kabataan, anong mga hamon ang iyong hinaharap sa kasalukuyan (Baitang 9) na may kaugnayan sa iyong pagsasaalang-alang sa pipiliing kurso o hanapbuhay (akademiko o teknikal-bokasyonal)?

2. Ano-ano naman ang mga paraan na iyong gagawin upang mapagtagumpayan o malalampasan ang mga hamon na iyong inilista sa itaas?



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. C 2. C 3. D 4. A 5. A 6. B 7. D 8. A 9. C 10. A</p>

<p>Subukin</p> <p>1. B 2. A 3. D 4. C 5. A 6. C 7. B 8. D 9. C 10. C</p>

Sanggunian

Gayola, Sheryl T., et al. 2015. *Edukasyon sa Pagpapakatao 9: Modyul Para sa Mag-aaral*. 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600: FEP Printing Corporation.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph